


RUPERT + RENFREW

Plano sa Lugar ng Istasyon

Buod ng Ugnayan - Mayo 2023

CITY OF VANCOUVER

Lugar ng Pagpa-plano sa Lugar na Inaaral sa Rupert at Renfrew Station



1. BACKGROUND

TUNGKOL SA PLANO NG LUGAR NG ISTASYON NG RUPERT AT RENFREW


Noong Nobyembre 2021, sinimulan ng Lungsod ng Vancouver ang proseso ng pagpaplano para sa lugar sa paligid ng Rupert at Renfrew SkyTrain station. Kapag kumpleto na, ang Plano sa Lugar ng Rupert at Renfrew Station ay gagabay sa paglago at pagbabago kaayon ng Plano ng Vancouver at mga ibang polisiya ng Lungsod.

Patuloy na sumusulong ang kabuuang proseso sa pagpaplano na may muling na-calibrate na timeline. Umaasa ang programa sa pagpaplano na magkaroon na ng draft na plano para sa konsiderasyon ng Konseho sa unang bahagi ng 2024.

TUNGKOL SA ULAT NA ITO

Binubuod sa ulat ng Round 2 ng Pakikipag-ugnay ang pangunahing pagpuna na lumabas sa panahon ng pampublikong konsultasyon na isinagawa mula Enero 18 hanggang Marso 3, 2023. Ang layunin ng yugtong ito ng ugnayan ay para humingi ng mas malalim na input sa mga napiling paksa ng plano, kabilang ang mga trabaho at ekonomiya, transportasyon, pabahay, mga pampublikong pananaw, pangkulturang mana at Still Creek. Bilang bahagi ng prosesong ito, ang kawaning naugnay sa malawak at magkakaibang stakeholder kabilang ang mga miyembro ng publiko, mga grupong tinanggihan ng equity, mga non-profit, at kinatawan ng industriya.

PROSESO NG PAGPAPLANO - MULA HULYO 2023



2. MGA TAMPOK

Ang ikalawang round ng pakikipag-ugnayan para sa Plano sa Lugar ng Istasyon ng Rupert at Renfrew ay tumakbo mula Enero 18 hanggang Marso 3, 2023 para sa kabuuan ng 6 na linggo. Sa panahong ito, naugnay ang kawani sa magkakaibang pangkat ng mga stakeholder sa pamamagitan ng iba't ibang aktibidad, kabilang ang mga open house, mga pop-up na kaganapan, mga targeted na sesyon, at survey ng komunidad. Ang mga pangunahing materyales ay isinalin sa apat na wika at ang mga tagapagsalin ay nasa mga pangunahing personal na kaganapan. Ang kabuuang partisipasyon ay binuo ng sumusunod:

- Survey sa komunidad (~600 taong sumagot)
- Mga personal na open house (~360 taong sumali)
- Mga targeted na sesyon (~300 taong sumali)
- Abot-ng-Lungsod na pop-up na sesyon (~300 taong sumali)

Pabahay, Mga Pangunahing Nalaman

- Matinding suporta para sa higit na halo ng mga opsiyon sa pabahay sa kabuuan ng lugar ng inaaral, kabilang ang kulang na middle housing, paupahang pabahay at panlipunang pabahay
- Matinding suporta para sa pagpapatindi ng pabahay na malapit sa mga istasyon ng rapid transit
- Malawak na suporta para sa mas abot-kayang opsiyon sa pabahay
- 3 yunit ng kuwarto sa mga paupahang apartment, townhouse, at mga condominium ay ang mga pangunahing pagpipilian para sa mga klase ng yunit

Transportasyon, Mga Pangunahing Nalaman

- Matinding suporta para sa pinabuting imprastraktura sa pamimisikleta at paglalakad, lalo na ang mga pinaghiwalay na bike lane/greenway, kumpletong konsepto ng kalye sa mga arteryal, at pinahusay na north-south na koneksiyon
- Mayroon ding malawak na suporta para sa higit pang pagpapakalma ng trapiko, nakakaengganyong pampublikong espasyo, at pagnanais sa aktibong transportasyon sa Still Creek

Pampublikong Espasyo, Mga Pangunahing Nalaman

- Pagandahin ang Still Creek bilang pampublikong berdeng espasyo sa paglalakad at pamimisikleta
- Ang pangangailangan sa mas welcoming, pinahusay na espasyo sa pagsasalo-salo; umiiral na maliitang lugar na may mhga upuan/mga plaza ay hindi nakakaengganyo

Ekonomiya, Mga Pangunahing Nalaman

- Matataas na lebel ng suporta para sa lahat ng mga tindahan at serbisyong lokasyon na natukoy sa pagpapalawak (mga lugar ng 22nd, Renfrew/1st Ave, Station)

- Suporta para sa mas maraming tingian, kabilang ang mga restaurant, kapihan, mga bar, entertainment at mga serbisyong pangkalusugan
- Pangkalahatang suporta sa pagpapalawak ng tingian sa buong kapitbahayan, kabilang ang mga tindahan sa kanto
- Ang Big Box retail ay may mas mataas na lebel ng suporta sa lahat ng paraan ng pakikipagignay, na ang Superstore at Walmart ay nakakatanggap ng mga hayagang pagbanggit bilang mahahalagang pagkukunan ng kumbinyente at abo't kayang paninda

Mga Pangkulturang Espasyo, Mga Pangunahing Nalaman

- Matinding suporta para sa mga produksiyon ng mga artist, pagganap, presentasyon, at mga pangkulturang espasyo ng katutubo na artist, pati na outdoor na musika at mga pangkulturang aktibidad
- Ang kahalagahan ng mga Community Centre at mga aklatan
- Ang kahalagahan ng mga panlabas na likas na espasyo, lalo na ang malapit sa Still Creek

Pangkulturang Mana, Mga Pangunahing Nalaman

- Ang kapitbahayan ay isang lugar na puno ng kasaysayan, mga alaala at mga kuwento na nawala o nalimutan
- Suportahan ang mas maraming paraan para matuto, magbahagi at ipagdiwang ang pangkulturang mana ng kapitbahayan
- May matinding suporta para kilalanin, respetuhin at suportahan ang Katutubong pangkulturang mana sa binuong kapaligiran

Mga Park at Still Creek, Mga Pangunahing Nalaman


- Matinding suporta sa pag-upgrade at pagpapalawak ng mga parke at mga playground
- Malawak na kagustuhang pagandahin at i-restore ang Still Creek

Pag-aalaga ng anak at Panlipunang Imprastraktura, Mga Panguanhing Nalaman

- Suporta para sa mas marami pang opsiyon sa pag-aalaga ng bata sa lugar (childcare centres)
- Matinding suporta at pangangailangan sa lumalawak na mga serbisyo at mga programa
- Pagkilala sa kahalagahan ng mga ahensiya ng komunidad at mga lokal na non-pro ıt sa lugar na inaaral

Mga Pampublikong Pananaw, Mga Pangunahing Nalaman

- Matinding suporta para sa pagpreserba ng mga pananaw mula sa Sunrise Park at Renfrew Community Park, bilang dagdag sa ilang ibang lokasyon
- Ang ilang inaalala tungkol sa limitasyon na nakikita ang proteksiyon ay maaaring magpatupad sa mga oportunidad para magbigay ng mas maraming pabahay



PAANO KAMI NAUGNAY

3. MGA KAGANAPAN SA UGNAYAN

Nagsagawa ang Lungsod ng hybrid na pamamaraan sa pampublikong ugnayan na kaugnay sa personal at mga virtual na aktibidad. Apat na personal na open house ay hinost sa iba't ibang lokasyon sa komunidad. Ang isang online na survey ay hinost sa ShapeYourCity website ng Lungsod, kabilang ang detalyadong impormasyon sa programa ng pagpaplano, kabilang ang mga lupon ng impormasyon at mga ulat. Labing-apat na karagdagang sesyon ay inorganisa sa mga partikular na grupo ng komunidad.



Survey ng Komunidad

591

Sagot (Online at Papel)



Personal na Open House (4)

360

taong sumali



Mga targeted na sesyon (14)

621

taong sumali









18 personal na kaganapang ugnayan

5,900 pagbisita sa ShapeYourCity website